




HUGAS, HINDI HUSGA



Fr. Khris Emmanuel Llacer, SSP

Natanging elemento ng Misa ang ritwal ng paghuhugas ng paa. Ginagawa ito bilang pag-alala sa mapagpakumbabang halimbawa ng Panginoong Hesus nang hugasan niya mismo ang paa ng kanyang mga alagad (Juan 13:1-15).

Kaugalian ng mga Hudyo ang paghuhugas ng paa na nakapaloob sa kanilang kultura at pananampalataya. Ginagawa nila ito bago kumain at matulog. Naghuhugas rin ng paa at kamay ang mga pari bago gawin ang pag-aalay sa Templo upang makalapit na malinis sa Diyos. Tanda rin ng mabuting pagtanggap sa panauhin ang pagbibigay ng tubig upang mahugasan ang kanilang paa matapos ang mahabang paglalakbay. Trabaho ng mga alipin na hugasan ang paa ng bisita ng kanilang amo.

Walang ganitong kostumbre ang mga Pilipino. Gayunman, mahalaga sa atin ang kalinisan kaya naglilinis at naghuhugas tayo ng paa. Ayaw natin ng marumi at mabahong paa.

Noong bata pa kami ng kapatid ko hindi pa masyadong uso ang mga computer games kaya sa labas kami ng bahay naglalaro kasama ang ibang bata. Pagkahapon ay isinasampa kami ng Nanay sa lababo. Hinuhugasan ang aming mga paa. Nililinis ng tubig at sabon. Hindi lang para kami ay linisin. Hindi lang upang huwag marumihan ang kama, kundi dahil mahal niya kami. Hindi ba't ganito rin

ang Diyos sa atin? Hinuhugasan tayo dahil tayo'y mahalaga. Hinuhugasan tayo dahil tayo'y mahal niya. Nang tangkain ni Hesus na hugasan ang paa ng mga apostol, hindi ito lubos maunawaan ni Pedro kaya siya nagprotesta, "Hinding-hindi ko po pahuhugasan sa inyo ang aking paa!" Katwiran kasi ni Pedro: Hindi mo ito dapat ginagawa. Ikaw ang aming Guro. Hindi ka alipin!

"Kung hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa akin," tugon ng Panginoon. Para kay Hesus, ang kanyang paghuhugas sa paa ng mga alagad ay hindi lamang kostumbre o ritwal, kundi tanda ng relasyong namamagitan sa kanya at sa mga disipulo. Ang paghuhugas na ginanap ay simbolo ng pakikisangkot o pakikibahagi natin sa buhay ng Anak ng Diyos na itinuring tayong mga kaibigan. Sa gayo'y nagbigay-aral siya: "Kung ano ang ginawa ko sa inyo, gawin din ninyo sa inyong kapwa." Paglingkuran at mahal in ang bawa't isa. Maghugasan kayo ng paa.

Saan ka makakakita ng Diyos at Panginoon na naghuhugas ng paa? Wala. Kaya nga ang Diyos natin ay dakila. Hindi siya naroon lang sa itaas ng mga ulap, kundi narito kasama natin, hinuhugasan ang ating mga paa. Isang Diyos na umiibig at naglilingkod sa atin.

Si Poncio Pilato naghugas ng kamay. Si Hesus naghugas ng paa. Madaling maghugas-kamay—walang responsibilidad, kinalaman, pakialam. Mahirap maghugas ng paa—kailangan mong yumuko at magpakababa, magmahal at maglingkod.

Sa paghuhugas ng paa ng mga taong makasalanan, yumukod si Hesus at nagpakababa. Hindi hinusgahan, kundi hinugasan ang dumi ng tao. Hindi tayo sinumbatan: "Ang dumi-dumi mo! Nakakadiri ka! Nakakasuka ka!" Bagkus, tahimik siyang yumuko at hinugasan ang ating mga kasalanan. Walang anumang paghatol o pagtatakwil, kundi pawang pagtanggap sa atin sa kabila ng mga pagkukulang at pagkakasala.

Ngayong Mahal na Araw, hayaan mong hugasang muli ni Jesus ang iyong mga paa. Pagod ka na. Malayo na ang iyong nalakad at nalakbay. Marumi at maalikabok na ang iyong mga paa. Hinihintay ka ni Jesus. Tatanggapin ka na walang halong panghuhuga. Huhugasan ka ng paa dahil mahal ka niya.

PANGALAHATANG TAGUBILIN SA PAGDIRIWANG NG HUWEBES SANTO SA PANAHON NG PANDEMYA

1. Ang lahat ng mga liturhiya ng mga Mahal na Araw at Banal na Triduon Pampaskwa ay ipagdiriwang katuwang ang ilang lingkod lamang. Sa panahon ng *community quarantine*, pinapayagan lamang ang nakatakdang bilang ng mga magsisimba ayon sa utos ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Hinihikayat na ang mga pagdiriwang ay ilathala *online* bilang *live stream* upang masubaybayan ito ng mga tao.
2. Maaring palamutian ng bulaklak ang altar ayon sa diwa ng araw na ito. Dapat walang laman ang tabernakulo sa Misang ito. Sapat na ostiya ang dapat ikonsagra sa Misang ito upang makapakinabang sa Biyernes Santo ang mga lingkod na makikiisa sa pagdiriwang.
3. Ang paghuhugas ng paa ay maaaring ipagpaliban o

gawin sa mas payak na paraan (mas kaunting bilang ng mga alagad na huhugasan ang paa).

4. Ang mga pamilya na nagkatipon sa kanilang mga tahanan ay inaanyayahan na mag-alay ng makatutulong sa mga dukha. Maaari nila itong ibigay sa kani-kanilang mga parokya o sa kahit na anong mga institusyong pangkawanggawa o sa mga dukha sa kanilang pamayanan.
5. Pagkatapos ng Panalangin Pagkapakinabang, ililipat ang Banal na Sakramento sa angkop na lugar sa sakristiya o iprusisyon ang siborio na may lambong habang ang mga tao'y nakaluhod o nakatayo sa labas ng kanilang mga bahay. Maaari silang magsindi ng kandila. Kung ito ay gagawin, kinakailangan ang masusing pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at barangay officials.

PASIMULA

(Sisimulan ang misa na walang laman ang tabernakulo. Dapat maghanda ng sapat na tinapay para italagang maging Katawan ni Kristo para sa pakikinaabang ng mga pari at tao ngayon at bukas)

Antipona sa Pagpasok (Gal 6:14)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Krus ng ating kaligtasan dapat nating ikarangal, sagisag ng kalayaan at ng muling pagkabuhay ni Hesus na ating mahal.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P — Sumainyo ang Panginoon.

B — At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)

P — Ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Huling Hapunan ng Panginoon. Sa tagpong ito, itinatag ni Hesus ang sakramento ng Eukaristiya at Banal na Orden. Ang mga sakramentong ito ang nagpapaalala sa atin ng paglilingkod. Sa pamamagitan ng paghuhugas ni Hesus sa mga paa ng kanyang mga apostoles, inaanyayahan tayong maglingkod na may pag-ibig tulad ni Hesus.

Sinisimulan din natin ang pagdiriwang ng Banal na Triduo. Ito ang tatlong araw nating pagdiriwang hanggang sa Bihilya ng Paskuwa (hatinggabi ng Sabado). Masamahan nawa natin nang taimtim, sa pamamagitan ng taos-pusong pananalangin, ang ating Panginoong Hesus sa kanyang pagtawid sa kamatayan hanggang sa muli niyang pagkabuhay.

Pagsisisi

P — Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B — Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P — Kaawaan tayo ng maka-pangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B — Amen.

P — Panginoon, kaawaan mo kami.

B — Panginoon, kaawaan mo kami.

P — Kristo, kaawaan mo kami.

B — Kristo, kaawaan mo kami.

P — Panginoon, kaawaan mo kami.

B — Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

(Sa pag-awit ng Gloria, patutunugin ang mga kampana ng simbahan. Pagkatapos nito, mananahimik ang mga ito hanggang sa Gabi ng Pagkabuhay.)

B — Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. **Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

Pambungad na Panalangin

P — Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, sa mga kasalo ngayon sa banal na Hapunan na ipinamana ng iyong Anak na mamamatay bilang haing bago at pangmagpakailanman para sa giliw niyang sambayanan, ipagkaloob mong lubusang mapakinabangan ang iyong dakilang pag-ibig at buhay sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Ex 12:1–8, 11–14)
(Umupo)

Sa pamamagitan ng dugo ng kordero, nailigtas ang mga Israelita mula sa kamatayan at pagkaalipin. Sa pamamagitan naman ng Dugo ni Kristo, naliligtas tayo mula sa kamatayan at pagkaalipin sa kasalanan.

Pagbasa mula sa aklat ng Exodo

NOONG mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron, “Mula ngayon, ang buwang ito ang magiging unang buwan ng taón para sa inyo. At sabihin ninyo sa buong pamayanan ng Israel na sa ikasampung araw ng buwang ito, bawat puno ng sambayanan ay pipili ng isang kordero o bisirong kambing para sa kanyang pamilya. Kung maliit ang pamilya at hindi makauubos ng isang buong kordero, magsasalo sila ng kalapit na pamilya, na hindi rin makauubos ng isang buo. Ang dami ng magsasalu-salo sa isang kordero ay ibabatay sa dami ng makakain ng bawat isa. Kailangang ang kordero ay lalaki, isang taóng gulang, walang pinsala o kapintasan. Kung walang tupa ay kahit kambing. Aalagaan itong mabuti hanggang sa ikalabing apat ng buwan at sa kinagabihan, sabay-sabay na papatayin ng buong bayan ang kani-kanilang kordero. Kukuha sila ng dugo nito at ipapahid sa mga hamba at sombrero ng pintuan ng bahay na kakainan ng kordero. Sa gabi ring iyon, lilitsunin ito at kakaning kasama ng tinapay na walang lebadura at ng mapapait na gulay. Ganito naman ang magiging ayos ninyo sa pagkain nito: nakabigkis, nakasandalyas, at may tangang tungkod; dalidali ang inyong pagkain nito. Ito ang Paskuwa ng Panginoon.

“Sa gabing iyon, lilibutin ko ang buong Egipto at papatayin ang lahat ng panganay na lalaki, maging tao o hayop man. At parurusahan ko ang lahat ng diyos-diyosan sa Egipto. Ako ang Panginoon. Lalampasan ko ang lahat ng bahay na makita kong may pahid na dugo, at walang pinsalang mangyayari sa inyo sa

pagpaparusa ko sa buong Egipto. Ang dugo ang siyang magiging palatandaan sa Israelita ang nakatira sa bahay na iyon. Ang araw na ito'y ipagdiriwang ninyo magpakailanman bilang pista ng Panginoon."

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Ps 116)

T — Sa kalis ng pagbabasbas si Kristo ang tinatanggap.

Amante

Sa ka - lis ng pag - ba -

bas-bas si Kris-to ang ti - na -

tang - gap.

1. Sa Diyos ko't Panginoon, ano'ng aking ihahandog/ sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?/ Ang handog ko sa dambana, ay inúmin na masarap/ bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas. (T)

2. Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw,/ kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam,/ katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos/ yamang ako'y iniligtas, kinalinga, at tinubos. (T)

3. Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,/ ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak./ Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay/ ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwang. (T)

Ikalawang Pagbasa

(1 Cor 11:23-26)

Sa tuwing ipinagdiriwang natin ang Eukaristiya, muli nating ipinahahayag ang pag-aalay ni Hesus ng kanyang sarili para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinibigay ko naman sa inyo: Ang Panginoong Hesus, noong gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot

ng tinapay, nagpasalamat, at pinaghati-hati ito, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alala sa akin." Gayon din naman, matapos maghapan ay hinawakan niya ang kalis at sinabi, "Ang kalis na ito ang bagong tipan na pinagtibay ng aking dugo. Tuwing iinum ninyo ito, gawin ninyo sa pag-alala sa akin." Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at inom sa kalis na ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon, hanggang sa muling pagparito niya.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Awit-Pambungad (Jn 13:34) (Tumayo)

B — Ang bagong utos ko'y ito: mag-ibigan sana kayo katulad ng ginawa ko na pagmamahal sa inyo, ang sabi ni Hesuskristo.

Mabuting Balita (Jn 13:1-15)

P — Sumainyo ang Panginoon.

B — At sumaiyo rin.

P — Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan.

B — Papuri sa iyo, Panginoon.

BISPERAS na ng Paskuwa. Alam ni Hesus na dumating na ang panahon ng kanyang paglisan sa sanlibutang ito upang bumalik sa Ama. Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa sanlibutan, at ngayo'y ipakikita niya kung hanggang saan ang kanyang pag-ibig sa kanila.

Naghahapunan si Hesus at ang mga alagad. Naisilid na ng diyablo sa isip ni Hudas, anak ni Simon Iscariote, ang pagkakanulo kay Hesus. Alam ni Hesus na ibinigay na sa kanya ng Ama ang buong kapangyarihan; alam din niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos. Kaya't nang sila'y naghahapunan, tumindig si Hesus, naghubad ng kanyang panlabas na kasuotan, at nagbigkis ng tuwalya. Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa palanggana, at sinimulang hugasan ang paa ng mga alagad at punasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya. Paglapit niya kay Simon Pedro, tumutol ito. "Panginoon," sabi niya, "diyata't kayo pa ang maghuhugas ng aking mga

paa?" Sumagot si Hesus, "Hindi mo nauunawaan ngayon ang ginagawa ko, ngunit mauunawaan mo rin pagkatapos." Sinabi sa kanya ni Pedro, "Hinding-hindi ko po pahuhugasan sa inyo ang aking mga paa." "Kung hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa akin," tugon ni Hesus. Kaya't sinabi ni Pedro, "Panginoon, hindi lamang po ang mga paa ko, kundi pati ang aking kamay at ulo!" Ani Hesus, "Maliban sa kanyang mga paa, hindi na kailangang hugasan pa ang naligo na, sapagkat malinis na ang kanyang buong katawan. At malinis na kayo, ngunit hindi lahat." Sapagkat alam ni Hesus kung sino ang magkakanulo sa kanya, kaya sinabi niyang malinis na sila, ngunit hindi lahat.

Nang mahugasan na ni Hesus ang kanilang mga paa, siya'y nagsuot ng damit at nagbalik sa hapag. "Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?" tanong niya sa kanila. "Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ako nga. Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan."

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya (Umupo)

(Walang "Sumasampalataya Ako")

Paghuhugas ng mga Paa (Umupo)

(Tingnan ang Tagubilin Blg. 3)

L — Ngayo'y gugunitain natin ang ginawang paghuhugas ni Hesus ng mga paa ng kanyang mga alagad. Paalala ito sa atin na dapat din tayong maglingkod nang may buong pagmamahal sa isa't isa, gaya ng paglilingkod na ginawa ni Hesus.

1. Ang pari, kung kinakailangan ay mag-aalis ng kasulya, lalapit sa bawat huhugasan, at magbubuhos ng tubig sa mga paa. Maaaring tulungan siya ng ng iba pang mga tagapaglingkod niya. Ang pari rin ang magpapahid ng tuwalya sa nahugasang mga paa.

2. Aawit ng angkop na himig habang ginaganap ang paghuhugas ng paa.

Panalangin ng Bayan (Tumayo)

P — Sa Huling Hapunan inihabilin ni Hesus sa Simbahan ang pag-alala sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay upang maipagdiwang ito magpakailanman. Samahan natin si Hesus at buong pagtitiwala tayong manalangin sa Ama.

T — Panginoon, dinggin mo ang iyong bayan.

L — Nawa ang Santa Iglesia sa pagdiriwang at pagsasabuhay ng Banal na Eukaristiya, ay laging makapagpatotoo sa mga aral at pag-ibig ni Kristo sa lahat ng tao. Manalangin tayo. **(T)**

L — Nawa si Papa Francisco, mga obispo, mga pari't diyakono, sa pamamagitan ng Eukaristiya, ay patuloy na palakasin at pasiglahin ng Panginoon. Manatili nawa silang tapat sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanila. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa makita at maisabuhay ng mga pinuno ng ating bansa ang turo at halimbawa ni Hesus sa paglilingkod sa kapwa nang walang pag-iimbot. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa maging matatag at malakas ang mga nahaharap sa mga tukso at pagsubok ayon sa halimbawa ng katapatan ni Kristo sa Ama. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa ang mga namatay na nakibahagi sa Katawan at Dugo ni Kristo ay makiisa sa walang hanggang buhay na ipinangangako sa Eukaristiya. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa tuluyan nang matapos ang salot na dulot ng CoViD-19 na nagpapahirap sa marami. Bigyan nawa ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa mga may sakit sa ating bansa at sa buong mundo at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya. Manalangin tayo: **(T)**

P — Ama, sa tuwing ipinagdiriwang namin sa Eukaristiya ang alaala ng krus, inaalala namin ang tagubilin ni Hesus Kristong iyong Anak. Samahan mo kami sa panahong iyon upang ikaw ay makakapiling namin magpasawalang hanggan.

B — Amen.

**PAGDIRIWANG
NG HULING HAPUNAN**



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P — Manalangin kayo...

B — **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P — Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong marapat na ganapin ang banal na paghahain sapagkat tuwing ipinagdiriwang ang alaala ng Anak mong nag-aalay, ang pagliligtas niya sa tanan ay nangyari upang aming pakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Panalangin ng Pagpupuri at Pagpapasalamat

P — Sumainyo ang Panginoon.

B — **At sumaiyo rin.**

P — Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B — **Itinaas na namin sa Panginoon.**

P — Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B — **Marapat na siya ay pasalamat.**

P — Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesus Kristo na aming Panginoon.

Siya ang talagang dakila at lagi mong ikinalulugod na paring naghahain para sa sansinukob nitong pag-aalay na tangi mong ibinukod. Ang pagdiriwang sa Huling Hapunan ay paghahain niya para sa tanán upang alalahanin namin at pagsaluhan. Ang laman niya'y inihain upang lahat ay buhayin. Ang dugo niya'y dumanak nang lahat ay mapatawad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B — **Santo, Santo, Santo...** (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B — **Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!**

PAKIKINABANG

Ama Namin

B — Ama Namin...

P — Hinihiling naming...

B — **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang**

kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

(Lumuhod)

P — Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B — **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona sa Pakikinabang

(1 Cor 11:24-25)

Handog ko para sa inyo ang sariling katawan ko. Ito'y kasunduang bago nasasalig sa dugo ko sa gunita ko'y gawin n'yo.

Panalangin Pagkapakinabang

(Tumayo)

P — Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa aming pakikinabang sa ipinagdiriwang ditong Hapunan ng Anak mong mahal kami'y pagindapating makasalo kailanman sa piging sa iyong piling sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesus Kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

PAGLALAGAK NG BANAL NA SAKRAMENTO

1. *Pagkatapos ng Panalangin, luhod ang pari sa harap ng dambana at lalagyan niya ng insenso ang insensaryo. Samantalang siya'y nakaluhod iinsensuhan niya nang tatlong ulit ang Banal na Sakramento.*

2. *Ang Banal na Sakramento ay maaaring ililipat sa angkop na lugar sa loob ng sakristiya (tingnan ang Tagubilin Blg. 5). Aawit ng isang angkop na awit.*

**Tantum ergo sacramentum
Veneremur cernui
Et antiquum documentum
Novo cedat ritui.
Praestet fides supplementum
Sensuum defectui.
Genitori, genitque
Laudis et jubilatio
Salus, honor, virtus quoque
Sit et benedictio
Procedenti ab utroque
Compar sit laudatio. Amen.**

3. *Ang dambana ay aalisan ng takip at kung maaari, ang lahat ng mga krus sa simbahan ay itatago. Iminumungkahing takpan ang mga krus na hindi maaalis sa kinalalagyan.*